pag-asa

# Hinaharap na Pag-asa

WEEK 3

## WARM-UP

- Mahilig ka ba sa surpresa? Bakit oo o bakit hindi?
- Ikaw ba ang tipo ng tao na tumatalon papunta sa dulo ng mga nababasa o napapanood ng kwento para malaman agad kung paano ito magtatapos? Bakit oo o bakit hindi?
- Paano mo malalaman na ang isang tao ay nawawalan na ng pag-asa?

## WORD

[18]*Para sa akin, ang mga paghihirap sa buhay na ito ay hindi maihahambing sa napakagandang kalagayan na mapapasaatin balang araw.* [19]*Maging ang buong nilikha ay sabik na naghihintay na ihayag ng Dios ang mga anak niya.* [20]*Sapagkat ang lahat ng nilikha ng Dios ay hindi nakaabot sa layuning para sa kanila. Nangyari ito hindi dahil sa gusto nila, kundi dahil ito ang gusto ng Dios. Pero may pag-asa pa,* [21]*dahil palalayain din niya ang buong nilikha mula sa kabulukang umaalipin dito, at makakasama rin sa napakagandang kalagayan ng mga anak ng Dios.* **ROMA 8:18–21**

(Basahin din ang **ROMA 8:22–25.**)

Ang ating pag-asa ay nakabatay sa likas na katangian ng Diyos. Umaasa tayo sa mga bagay na mangyayari at tiwala tayo na ito ay magaganap. Kaya naman, kahit mahirap ang kasalukuyan, maaari tayong magtiwala sa Diyos para sa mga magagandang bagay na parating. Anu-ano ang mga bagay na alam nating gagawin ng Diyos, at bakit maaari tayong maghintay nang may pag-asa?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa pagkakataong makapamuhay nang may pag-asa dahil sa kung sino Siya at sa mga ginawa Niya para sa iyo. Ipagdasal na magkaroon ka ng maka-Diyos na pananaw tungkol sa plano ng Diyos na tubusin ang ating mga katawan at ang buong nilikha.
- Hilingin sa Diyos na magkaroon ka ng pananaw at pag-iisip na ayon sa Kanyang kaharian na magbibigay-daan upang makapamuhay ka nang may pag-asa at pananalig sa Kanya nang higit sa lahat. Ipagdasal na magpatuloy ang Kanyang kaharian sa lupa bilang paghahanda sa ating hinaharap na pag-asa.
- Ipagdasal ang mga kapamilya at kaibigan mo na hindi pa naliligtas. Ipanalangin na sana ay matuto silang manalig sa Diyos. Hilingin sa Banal na Espiritu na ibigay sa iyo ang mga tamang salita habang ibinabahagi mo sa iba ang pag-asang ito kay Cristo.

## NOTES

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2025 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Bruce Chua, Varsha Daswani

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.

## 1 Umaasa tayo na ililigtas ng Diyos ang ating mga katawan.

*[18]Para sa akin, ang mga paghihirap sa buhay na ito ay hindi maihahambing sa napakagandang kalagayan na mapapasaatin balang araw. . . . [23]At hindi lamang ang buong nilikha, kundi pati tayong mga tumanggap ng Banal na Espiritu na siyang unang kaloob ng Dios ay dumaraing din habang naghihintay tayo na matubos ang ating mga katawan at mahayag ang ganap na katayuan natin bilang mga anak ng Dios.* **ROMA 8:18, 23**

Ang pagtanda, sakit, kapansanan, kahinaan, at paghihirap ay bahagi ng ating kalagayan bilang tao. Ngunit para sa mga mananampalataya, hindi ito ang katapusan. Maaari tayong umasa na ililigtas ng Diyos ang ating mga katawan. Ibig sabihin, hindi magtatagal at magkakaroon tayo ng katawan na hindi na mahihirapan o mabubulok. Sa tingin mo, bakit mahalaga para sa mga mananampalataya na maunawaan ito? Ano ang mangyayari kung nakatutok lang tayo sa ating kasalukuyang kalagayan at hindi sa ating hinaharap na pag-asa?

## 2 Ang pagliligtas ng Diyos sa lahat ng Kanyang nilikha ang ating pag-asa.

*[19]Maging ang buong nilikha ay sabik na naghihintay na ihayag ng Dios ang mga anak niya. [20]Sapagkat ang lahat ng nilikha ng Dios ay hindi nakaabot sa layuning para sa kanila. Nangyari ito hindi dahil sa gusto nila, kundi dahil ito ang gusto ng Dios. Pero may pag-asa pa, [21]dahil palalayain din niya ang buong nilikha mula sa kabulukang umaalipin dito, at makakasama rin sa napakagandang kalagayan ng mga anak ng Dios.* **ROMA 8:19–21**

Ipinangako ng Diyos na hindi lamang ang ating mga katawan ang ililigtas Niya—kundi pati na rin ang buong nilikha. Ibig sabihin, wala nang kamatayan at pagkabulok, at ang buong mundo ay babalik sa napakagandang kalagayan. Pati ang Kanyang nilikha ay sabik na at nag-aasam na maibalik ng Diyos sa dati. Paano makakapaghintay ang mga mananampalataya nang may pag-asa na mangyayari talaga ito?

## 3 Hindi pa natin nakikita sa ngayon ang ating pag-asa.

*[24]Ligtas na tayo at naghihintay na lang na maging ganap ang kaligtasang ito. Umaasa tayo dahil wala pa ang inaasahan natin. Aasa pa ba tayo kung nariyan na ang ating inaasahan? [25]Pero kung ang inaasahan nati'y wala pa, maghihintay tayo nang may pagtitiyaga.* **ROMA 8:24–25**

Kung nakikita ng ating mga mata ang ating pag-asa, hindi na ito tunay na pag-asa. 'Di tulad ng mundo na humihingi ng ebidensya at konkretong pruweba, ang mga mananampalataya ay naghihintay sa hindi-nakikitang pag-asa para sa mga bagay na wala pa. Dapat tayong maghintay nang matiyaga. Hindi tayo dapat mawalan ng malasakit, mataranta, o mamuhay sa takot. Ang Diyos ang ating pinagkakatiwalaan, at buong-buo ang pananalig natin sa Kanya. Wala tayong makamundong pag-iisip—mayroon tayong pag-iisip na ayon sa kaharian ng Diyos. Ano sa tingin mo ang ibig sabihin nito sa iyong buhay at kalagayan? Paano mo ito naipapakita sa iyong mga salita at gawa?

## APPLICATION

- Ano ang mga natural na nagiging reaksyon mo sa kinabukasan? Ano ang natutunan mo mula sa araling ito at paano ka titingin sa kinabukasan nang may pag-asa?
- Naniniwala ka ba na ililigtas ng Diyos ang ating mga katawan at ang buong nilikha? Ano ang isang bagay na maaari mong gawin nang madalas bilang tugon dito?
- Paano mo maibabahagi ang iyong pag-asa sa iba ngayong linggo? Ano ang maaari mong sabihin sa kanila?